# ROD ANTHONY A. ROBLES

Siya ay tubong Tigaon sa lalawigan ng Camarines Sur at kasalukuyang nakatira sa Lungsod ng Quezon. Sa kasalukuyan ay nagtatrabaho siya bilang isang HR Manager. Siya ay nagtapos ng kursong BA Development Studies at MA of Industrial Relations sa Unibersidad ng Pilipinas. Napabilang siya sa Palihang Rogelio Sicat 12 (tula) at LIRA,  taong 2019. Siya ay sumusulat ng mga tula at mga tulang pambata.

# TAGO-NGIRIT[3]

Mantang yaon
pirmi an bulan na
nagkukulambitay
sa itaas kan bukid,
kaming mga tawong sadit
padagos na pinapautob
sa sadiri na dae matakot
maguli nin solo
burobanggi.
Haluyon na panahon
na kaming nagtatago,
pigtatago
asin haluyon na panahon
na kaming naglalakaw
sa tursido habang
nageespadahan
sa bulos kan duros kan bagyo.
Kadaklan na beses
mas halawig an banggi.
Ang aro-atyan
tuninong paduman
sa kasagkoran.

3 ***Tago-Ngirit*** *– Sinasabing ang tago-ngirit ay kadalasang nagtatago sa mga puno at dahon at may malaking ngiti. Kadalasan kinakatakutan ito ng mga bata dahil nagpapakita raw ito lalo na kapag sila'y naglalaro ng tagu-taguan.*

At sa samong
pag-uli sa harong
kaming mga tawong sadit
dae nanggad
matatakot sa diklom
ta arog kami man ninda
sindang mga nagtatarago
asin sindang mga nagngingiririt.

# TAGO-NGITI

*salin sa Filipino*

*Habang nasisilayan*
*pa ang buwan*
*na nakabitin*
*sa taas ng kabundukan,*
*kaming mga ordinaryong tao*
*ay patuloy na pinapaalalahanan*
*ang sarili na huwag mangambang*
*umuwing mag-isa*
*tuwing gabi.*
*Matagal na panahon*
*na kaming nagtatago,*
*tinatago*
*at matagal na panahong naglalakad*
*sa sinulid habang*
*nageespadahan*
*sa agos ng hanging bagyo.*
*Maraming beses*
*na mas mahaba ang bawat gabi.*
*Ang mga sandali*
*ay walang-imik patungo sa magpakailanman.*
*At sa aming paguwi*
*sa tahanan*
*kaming mga ordinaryong tao*
*ay hinding-hindi*
*matatakot sa dilim*

*dahil sila'y amin ding kawangis*
*silang mga nagtatago*
*at silang mga ngumingiti.*